

WICCA (BAHAGI 1 NG 2) ANO ANG WICCA?

Marka:


Paglalarawan?: Mula sa sinaunang mga inabandunang sistema ng paniniwala hanggang sa bagong panahon ng pangkukulam.

Kategorya: [Mga Artikulo Paghahambing ng Relihiyon Hindi pangkaraniwang mga Paniniwala](#)

Ni: Aisha Stacey (© 2012 IslamReligion.com)

Nailathala noong: 24 Aug 2020

Huling binago noong: 05 Nov 2012

Ang salitang Wicca ay nagmula sa Saxon na salitang ugat na wicce,  for type unknown na maluwag na isinalin bilang "matalino" o "upang baluktutin o hubugin ang hindi nakikitang mga puwersa." Ang Wicca ay ang pinakamalaking Makabagong pagano [\[1\]](#) na mga relihiyon na muling binuhay mula sa mga sinaunang inabandunang paganong mga sistema ng paniniwala, kabilang ang Celtiko, Ehipsyano, Griyego, Norwego, Romano, at iba pang mga tradisyon. Kaya bilang isang relihiyon na nakasentro sa lupa, ang pinagmulan ng Wicca ay nauna sa Hudaismo, Kristiyanismo, Islam, Budismo, at Hinduismo. Ang Wicca ay maaaring tawaging isa sa mga pinakalumang relihiyon sa buong mundo; sa kabilang banda maaari itong tawaging isa sa pinakabago mula noong Wicca, tulad ng alam natin ngayon, na isang bagong nilikha, nakasentro sa lupa, na Makabagong paganong relihiyon na maaaring matunton pabalik sa Gardnerian Witchcraft na itinatag sa United Kingdom noong patapos ang 1940s. Ang isang mahusay na pangkalahatang tuntunin ay ang karamihan sa mga Wiccan ay mga Makabagong pagano ngunit hindi lahat ng mga Makabagong pagano ay mga Wiccan.

Ang ilang mga Wiccan ay kinikilala ang isang kataas-taasan na minsan ay tinutukoy bilang "Ang Isa" o "Ang Lahat", na may mga aspeto ng babae at lalaki na tinutukoy bilang 'Diyosa at Diyos'. Ang iba ay nagsasanay ng Wicca sa pamamagitan ng pagkilala sa pagkakaroon ng maraming mga sinaunang diyos at diyosa, kabilang ngunit tiyak na hindi limitado kina: Aphrodite, Artemis, Briget, Diana, Dionysius, Fergus, Hecate, Isis, Pan, Thor, atbp. Ang Wicca ay tinawag ding mga Ateyista (walang paniniwala sa diyos o mga diyos). Ipinapalagay ng ilang mga Wiccan ang Diyosa at Diyos bilang mga simbolo, hindi bilang mga nilalang na may buhay. Sa gayon maraming Wiccan ang maaaring ituring na Ateyista. Dahil ang mga Wiccan ay sumasamba sa kalikasan at mga diyosa ng kalikasan at mga diyos, maaari rin silang tawaging panteista.

Ayon sa mapagkakatiwalaang website ng Canada na Religious Tolerance itinuturing ng ilang mga Wiccan ang Wicca at Pangkukulam na magkapareho, gayunpaman marami ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawa, ang Wicca ay bilang relihiyon nito at ang pangkukulam ang kasanayan sa mahika. Sa ilalim ng kahulugan na ito, ang Pangkukulam ay hindi isang relihiyon at sa gayon mayroong maraming mga tao na itinuturing na ang pangkukulam ay maaaring isagawa ng mga miyembro ng anumang relihiyon.

Marami, marahil ang karamihan, sa mga Wiccan ay nag-iisang nagsasanay; isinasagawa nila ang kanilang mga ritwal na nag-iisa. Ang iba ay bumubuo ng mga pangkat na mga impormal na grupo ng mga Wiccan. Kadalasan walang koordinasyon sa mga grupo sa itaas ng mga pangkat; walang estado, o pambansang mga organisasyon - kung kaya walang maaasahang mga istatistika. Ang ilang hindi maaasahang pagtatantiya ay nagsasabi na mayroong hanggang sa 750,000 Wiccans sa Estados Unidos na naglalagay sa Wicca sa ika-limang pinakamalaking organisadong relihiyon sa Estados Unidos. Gayunpaman ang lahat ng mga pagtatantiya ay hindi hihigit sa mga pagtatantiya na walang mga konkretong katotohanan kung saan ibabatay ang mga matibay na konklusyon.

Minsan kilala ang Wicca bilang pangkukulam o ang kasanayan dahil sa pagkakaugnay nito sa mga salamangka at anting-anting. Ang mga salitang pangsalamangka ay maaaring idisenyo upang tangkain na makapinsala o makatulong sa iba, gayunpaman, ang mga Wiccan ay pinagbabawalan ng kanilang sistema ng paniniwala mula sa paggawa ng mga salamangka o anumang mga aktibidad na nakakasakit sa iba. Ang pangunahing tuntunin ng pag-uugali ay ang Payong Wiccan: "Gawin mo anuman ang nais mo hangga't hindi nakakapinsala sa sinuman", na nagbabawal sa pagpinsala sa mga tao, kasama ang kanilang sarili, maliban sa ilang mga kaso ng pagtatanggol sa sarili, at ang Tatlong-tiklop na Batas: "Lahat ng mabuting ginagawa ng isang tao sa iba ay ibabalik ng tatlong beses sa buhay na ito; ang pinsala ay ibinabalik din ng tatlong beses."

Ayon sa Mnemosyne's Realm^[2], "Ang mga salamangka ay hindi tungkol sa paggawa sa mga tao na maging palaka o pagbibigay ng kagustuhan. Ang isang salamangka ay isang hanay ng mga aksyon at panalangin na ginagawa mo at sinasabi upang humingi ng tulong sa Diyos sa ilang partikular na aspeto ng iyong buhay. " Naniniwala ang mga Wiccan na ang mga lakas na nililikha natin ay nakakaimpluwensya sa nangyayari sa atin kaya naman ang negatibong mahika ay babalik sa gumawa, tulad ng sa tatlong tiklop na batas. Ang iba pang mahahalagang turong etikal ay kinabibilangan ng pamumuhay na naaayon sa iba at pagtrato sa kapaligiran nang may paggalang. Mayroong walong araw na pagdiriwang ang mga Wiccan na sumusunod sa mga yugto ng buwan at mga panahon at tinatawag na Sabbats. Ang mga Sabbats ay pinaniniwalaang nagmula sa mga siklo na nauugnay sa pangangaso, pagsasaka, at pagpaparami ng mga hayop.

Ang pentak at pentagram ang pangunahing simbolo na ginagamit ng mga Wiccan at maraming iba pang makabagong-Pagano. Ang ilang mga bagay na pang ritwal ay karaniwan sa halos bawat tradisyon ng Wiccan, tulad ng Athame (ritwal na kutsilyo) at kalis (ritwal na tasa). Ang iba ay maaaring ginagamit ng ilang mga tradisyon ngunit hindi ng iba pa: mga kampanya, walis, kandila, kaldero, kurdon, tambol, insenso, alahas, mga espesyal na plato, pagpaparusa, estatwa, tabak, tabla at mga patpat. Ang kahulugan ng mga bagay na ito, ang kanilang paggamit at paggawa ay magkakaiba sa mga tradisyon at mga tao. Karaniwan sa isang ritwal ng Wiccan ang magsangkot ng ilang uri ng paglikha ng sagradong puwang (paghahagis ng isang bilog), pagsumamo sa banal na kapangyarihan, pagbabahagi ng sayaw/awit/pagkain o alak at isang pasasalamat ng paalam at seremonyang pagtatapos. Ang mga ritwal ay maaaring

ganapin sa Wiccan "sabbats" o upang markahan ang mga pagbabago sa buhay tulad ng mga kapanganakan, kaarawan, kasal/pakikipagtipan, housewarming (selebrasyon para sa paglipat sa bagong bahay), paggaling, pagkamatay o iba pang ritwal ng pagpanaw.[3]

Ang mga Wiccan ay hindi sumasamba kay Satanas. Hindi rin nila kinikilala ang kanyang pag-iral. Bagaman ang kanilang sistema ng paniniwala ay madalas na mayroong isang panteon ng mga diyos at diyosa, wala sa kanila ang masamang diyos kahit bahagya man tulad ni Satanas na matatagpuan sa Kristiyanismo. Tulad ng nabanggit sa mga artikulo sa website na ito tungkol sa Satanismo, noong ika-15 at ika-16 na siglo ay ipinagpalagay ng Simbahang Katoliko na ang pagsamba kay Satanas at ang masamang pangkukulam ay umiiral at napakalaking banta. Nagdulot ito ng mga panununog sa mga mangkukulam na tinawag na ang mga "oras ng pagsusunog" o sa ibang tawag ay pagpatay sa kababaihan. Umabot sa 50,000 katao ang sinubukan o inimbistigahan para sa mali o kakaibang pananampalataya at libu-libo ang pinarusahan. Maraming mga tao ngayon ang iniuugnay ang kasalukuyang mga Wiccan sa kathang-isip na mga kwento tungkol sa mga mangkukulam na ito mula sa Kalagitnaang Panahon, ang ilang mga maingat na mga denominasyon ay nagtuturo pa rin sa kathang-isip na ito bilang katotohanan.

Sa ikalawang bahagi ay ihahambing natin ang Wicca sa Islam at itatanong ang tanong, maaari bang ang isang relihiyon na hindi naniniwala kay Satanas ay talagang malaya sa mga impluwensya ni Satanas?

Mga talababa:

[1] Ang Neopagan ay nangangahulugang bagong pagano. Ang Pagano - ay nagmula sa Latin na paganus na nangangahulugang naninirahan sa probinsya.

[2] "Ano ang Wicca," Mnemosyne's Realm, sa: (http://www.io.com/~be_think/wicca.htm)

[3] Mula sa The Wicca Cook Book nina Jamie Wood at Tara Seefeldt

Ang web address ng artikulong ito:

<https://www.islamreligion.com/tl/articles/5172/wicca-bahagi-1-ng-2-ano-ang-wicca>

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.